

WORD

Ipapanganak ang isang batang lalaki na maghahari sa amin. Tatawagin siyang "Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, at Prinsipe ng Kapayapaan." **ISAIAH 9:6**

Para sa iba, ang Pasko ay isang panahon na nakakapagod, dahil na rin sa lahat ng paghahanda at pagsasalu-salo. Subalit maaari tayong magkaroon ng kapayapaan at kasiyahan sa panahong ito—o maging sa ano mang araw—anoman ang ating sitwasyon. Si Isaiyah, na nagsulat 600 taon ang nakaraan bago ang kapanganakan ng Mesias, ay nagsabi na tutuparin ni Jesus ang napakahalagang pangako ng Diyos—ibinigay Niya sa atin ang kapayapaan ng Diyos. Ang kapayapaan na ito ay hindi dahil sa kawalan ng mga hindi pagkaka-unawaan. Bagkus, ito ay isang kalagayan na ganap o buo. Sa araling ito, ating titignan kung ano ang binigay sa atin ni Jesus, ang *Prinsipe ng Kapayapaan*.

1 Panunumbalik

Kaya ngayong itinuturing na tayong matuwid dahil sa pananampalataya natin sa ating Panginoong Jesu-Cristo, mayroon na tayong magandang relasyon sa Diyos. **MGA TAGA-ROMA 5:1**

Sinasabi sa atin ng Bibliya na lahat tayo ay nagkasala laban sa isang banal na Diyos at mawawalay sa Kanya magpakailanman. Subalit, ang mabuting balita ay manunumbalik tayo sa tamang relasyon sa ating Diyos Ama kung tatanggapin natin si Jesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas. Ayon sa talatang ito, paano tayo magkakaroon ng kapayapaan sa Diyos?

.....

.....

.....

.....

2 Kapahingahan

"Lumapit kayo sa akin kayong lahat na nahihirapan at nabibigatan sa inyong pasanin, at bibigyan ko kayo ng kapahingahan." **MATEO 11:28**

Ang mga eskriba o manunulat at mga Pariseo noong panahon ni Jesus ay nagpapatupad ng mga panuntunan na pabigat lamang sa mga tao, upang makagawa sila ng kanilang kaparaanan patungong langit. Inimbitahan tayo ni Jesus na pumunta sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, upang tayo ay mapatawad at magkaroon ng walang hanggang kapahingahan para sa ating mga kaluluwa. Ano ang ipinapagawa sa atin ni Jesus upang mabigyan Niya tayo ng kapahingahan?

.....

.....

.....

.....

3 Pagkakasundo

"Purihin ang Diyos sa langit! May kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!" **LUCAS 2:14**

Kung wala si Cristo, tayo ay mga kaaway ng Diyos. Subalit kay Cristo, tayo ay manunumbalik sa Diyos at magkakaroon ng kapayapaan sa Kanya. Gaya ng paghahayag ng mga anghel ng balita tungkol kay Jesus, maaari rin nating ibahagi ang mensahe tungkol sa panunumbalik at kapayapaan kay Jesus sa iba pang tao. Ayon sa 2 Corinto 5:18-20, sino ang ibinalik ng Diyos sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus sa krus?

.....

.....

.....

.....